

“Legal Terminology in Tagalog”
“Terminolohiyang Legal sa Tagalog”

Translator: *Noel Salasay*

Editor: *Michael Ferrerⁱⁱ*

A

Access: ak ses - **Karapatang Bumisita**

Karapatan ng isang hindi pirmihang nag-aalagang mga magulang na bumisita at maglaan ng panahon kasama ng mga bata, ang karapatang magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang kalusugan, kapakanan at edukasyon.

Accused: e kyuz – **Akusado/ Nasasakdal**

Ang tao na nasaksakdal sa isang krimen o may paglilitis para sa isang krimen.

Acquittal: e kwi tal - **Absuwelto**

Ang hatol ng isang korte na ang isang indibidwal ay walang kasalanan sa isang krimen.

Act: akt - **Akto**

Opisyal na gawa ng lehislatura na maging batas.

Action: ak shon - **Aksiyon**

Gawain hudisyal na hakbang ng isang partido laban sa isang partido na humihiling ng aksiyon sa hukuman.

Actus Reus: ak tus rey us - **Actus Reus**

Terminong Latin para sa "maysalang aksiyon o omisyon"na kung mapapatunayan na walang kaduda-duda kasama ng "maysalang pag-iisip:(the mens rea) ay magbubunga ng criminal na pananagutan.

Adjournment: e dzorn ment - **Pagpapaliban ng Paglilitis**

Pansamantalang pagpapaliban ng paglilitis.

Adoption: a dapt shon - **Pag-aampon**

Legal na proseso na kung saan ang legal na obligasyon at karapatan sa pagitan ng isang bata at bayolohikal na magulang ay nagtatapos at ang bagong karapatan at obligasyon ay lilikhain sa pagitan ng bata at nag-aampong magulang.

Affidavit: a fi dey vit - **Apidabit**

Nakasulat na sinumpaang pahayag ng katotohanan na kusang-loob na ginawa ng isang tao na sumumpa at nagpatibay sa pamamahala ng isang may kapangyarihan sa batas.

Affidavit of Service: a fi dey vit av ser vis - **Apidabit ng Pagsisilbi**

Tawag din bilang Katunayan ng Serbisyo-isang importanteng dokumento na bigay ng isang indibidwal o personang maghahatid ng papel na legal sa isang proseso pagkatapos na i-abot at tinanggap ng isang tao.

Affirmation: a fer mey shon - **Patunay**

Isang mataimtim na pahayag na magsasabi ng katotohanan.

Alternative Dispute Resolution: ol ter ne tiv dis pyut re ze lu shon

(ADR) ay tumutukoy sa paaran ng paglutas ng alitan sa labas ng korte. Kabilang sa ADR ang negosasyon, konsilyasyon, pamamagitan at arbitrasyon.

Arbitration: ar be trey shon - **Arbitrasyon**

Isang paraan na ang alitan ay nilulutas ng walang kinikilingang ikatlong tao na ang pasya ay sinang-ayunan ng magkabilang panig bilang pinal at syang iiral.

Collaborative Family Law: ke la be rey tib fa mi li lo

Isang proseso na ang mga partido at kanilang abogado ay sang-ayon na lutasin ang alitan tungkol sa batas ng pamilya, na hindi na kailangang pumunta sa korte.

Mediation: midi yey shon – **Pamamagitan**

Paraan sa paglutas ng alitan na ang partido ay tatagpuin ang ikatlong walang pinapanigang partido upang ayusin ang kaso. Ang ikatlong partido at tinatawag na mediator or tagapamagitan.

Amicus Curiae: e mi kus kyu ri yay

Terminong Latin na ang kahulugan ay “kaibigan ng korte”. Ito ay isang abogado na tumutulong sa korte na magbigay ng legal na posisyon sa paglilitis, karaniwan ay ang korte ang humihiling.

Annulment: e nal ment - **Pagpapawalang Bisa**

Isang hatol ng hukuman na ang isang kasal ay hindi legal na kasal. Ang deklarasyon ay nangangahulugang ang kasal ay hindi naganap or nangyari.

Answer: an ser - **Sagot/Tugon**

Sagot ng isang partido sa paratang ng kabilang partido o aksyon sa paglilitis sa hukuman.

Appeal: e pil - **Apela**

Isang hiling sa mataas na korte na suriin ang pasiya ng mababang korte. Ang ibig sabihin ay dapat mayroon legal na dahilan para mag-apela(halimbawa, ang hukom ay nagkamali ng pag-angkop ng batas sa kaso).

Appellant: e pe lant - **Apelante**

Ang tao o ang panig na nagsampa ng kaso.

Applicant: a pli kant - **Aplikante**

Partido na nagsampa o gumawa ng aplikasyon.

Apprehend: a pri hend - **Hulihin**

(1) Dalhin sa pag-iingat; arestuhin sa pamamagitan ng utos o legal na kapangyarihan. (2) Tawag sa mga batang inaalis sa kanilang magulang o sa pangangalaga ng ibang tao para sa kadahilanang pangkaligtasan sa pamamagitan ng mga manggagawa na nagpo-protekta sa mga bata o ng isang pulis.

Arraignment: a reyndz ment - **Pagsasakdal**

Ang paraan sa korte na ang akusado ay kilalanin, ang paratang ay pormal na babasahin sa kanya at tatanungin ito kung ang sagot sa paratang ay may sala o walang sala.

Arrears: e rirz - **Atraso sa pagbayad**

Halaga ng utang na salapi na hindi pa nababayaran o bahagi lang ang

nabayaran sa taning na panahon ng pagbabayad.

Arrest: a rest - **Pagdakip**

Ang akto ng pag-aresto sa isang tao upang ilagay sa pag iingat ng mga may legal na kapangrihan.

Assessment: e ses ment - **Pagtatasa**

(1) Salaping halaga ng isang bagay. (2) Sa Batas Kriminal: Ang pagpapasya kung ang isang tao ay may sakit sa isip noong ginawa niya ang kasalanan. (3) Sa Batas Sibil: Ang pagpapasya kung ang isang tao ay may kapasidad ng isip na mamahala ng kanyang ari-arian, mag-desisyon sa pag-aalaga sa sarili, mag-arkila ng paglilingkod ng abogado at magpayo sa kanya. (4) Sa Batas Pamilya: Ang pagpapasya sa kakayahan at kaangkupan ng mga magulang na matugunan ang pangangailangan ng kanilang mga anak.

Attorney: e ter ni - **Abogado/Tagapagtanggol**

Isang taong may awtoridad mag praktis ng batas at maging representante ng kliyente sa isang aksyong legal.

B

Bail: beyl - **Piyansa**

Halagang bayad upang pansamantalang makalaya ang isang akusado at pangakong humarap sa hukuman ayon direksyon nito.

Balance of Probabilities: ba lang av pra be bi le ti

Batayan na ebidensiya sa aksyong sibil upang patunayan ang pangyayari. Makatwirang batayan para paniwalaan ang pag-iral ng mga sirkumstansiya o pangyayaring nagpapatunay sa inireklamo sa paglilitis.

Bankrupt: bang krapt - **Lugi/Bangkarote**

Ang kalagayan na hindi makayanang magbayad ng mga utang ang isang tao o organisyon.

Bankruptcy: bank krapt si - **Bangkarote**

Isang tao o organisasyon na ipinahayag ng batas na hindi makabayad ng natitirang utang.

Bar: bar - **Hadlangan Baras/Katipunan ng mga manananggol**

(1) Harang sa korte sa pagitan ng nagtatrabaho at lugar ng publiko (2) Samahan ng mga abogado

Barrister: ba ris ter- **Abogado**

Abogado na espeyalista ng paglilitis sa korte. Nagpapayo sa kliyente at gumagawa ng legal na dokumento sa opisina. Sa Canada, ang abogado ay tinatawag na "Barrister and Solicitor" at walang pagkakaiba sa paglilitis at pagbigay ng payo.

Bench: bench - **Hukuman**

Lugar ng hustisya na binubuo ng huwes or mga huwes ng korte (2) Upuan ng mga hukom ng korte.

Beneficiary: be ne fi shi ye ri - **Benepisyaryo**

Taong makikinabang o tatanggap ng salapi o benepisyayo ayon sa pagkakasundo o legal na dokumento gaya ng tiwala, huling habilin o seguro.

Best Interest of the Child: best in trest av chayld

Legal na pagsusuri ng hukom tungkol sa isang bata sa kasong pampamilya kung ano ang pinakamabuting kapakanan ng bata upang ma-protektahan ang kanyang pisikal, pag-iisip at damdamin, kapananan at paglaki.

Beyond a Reasonable Doubt: bi yand ey ri ze ne bol dawt - **Walang Kaduda-duda**

Ebidensiyang pamantayan na kailangan sa kondisyong napatunayang nagkasala sa isang krimen. Kailangan ipakita ng Crown na kumpleto at mapaniwala ang hukom/jury na walang kaduda-duda ang pagkakasala ng akusado.

Bill: bil - **Panukalang- batas**

Mungkahing batas ng lehislyang iniharap sa isang lehislaturang pang-Canada upang aprobahan. Mayroon tatlong hakbang bago makapasa- unang pagbasa, pangalawang pagbasa, pagdinig ng komite at ikatlong pagbasa- pareho sa House of Commons at Senate bago tumanggap ng Royal Assent at maging akto ng parlamento.

Binding: bayn ding - **Obligahin**

Ilagay sa ilalim ng tiyak na tungkulin/kontrata o legal na obligasyon.

Bond: band- **Panagot/Piyansa**

Isang pangako o obligasyon sa Korte.

Breach: brich - **Paglabag**

Ang paglabag sa batas, obligasyon o pangako sa isang tao o sa publiko.

Burden of Proof: ber den av pruf

Obligasyong maghain ng katibayan sa taong inihabla upang suportahan ang paratang na kaso. Ito ay kadalasang nakasalalay sa taong nagsasakdal sa isang kriminal na kaso.

C

Case: keys - **Kaso**

Isang usapin sa hukuman ng magkabilang panig sa korte o katumbas na pamaraan. Ito ay maaring sibil or kriminal.

Case Event List: keys i vent list -**Talaan ng Kaso**

Pormal na talaan o listahan ng usaping nililitis sa hukuman.

Case Law: keys lo

Mga batas na itinakda sa mga pasiya ng hukuman na inakalang dapat maging pamarisan sa mga sumusunod na usaping indibidwal.

Case Management: keys ma nidz ment

Isang paraan ng hukom upang sundan at mamahala ang takbo ng kaso sa korte.

Cause of Action: koz av ak shon

Sanhi o dahilan ng reklamo o usapin upang magtamo ng salapi,ari-arian o ipatupad ang karapatan laban isang partido.

Caveat: key vi yat

Latin na salita na ang kahulagan ay "babala upang mag-ingat". Isang pormal na babala nasa isang legal na dokumento.

Certificate: ser ti fi kit -**Sertipiko**

Nakasulat na dokumento na nagpapatunay sa isang kondisyon o kailangan ay masunod or hindi nasunod.

Certify (a copy): ser ti fay (av ka pi) - **Sertipikahan**

Kopya ng isang tala o dokumentong pinirmahan at pinatunayan bilang totoong kopya ng isang opisyal na pinagkatiwalaan ng orihinal.

Charter: char' ter - **Kartilya**

Ang Canadian Charter of Rights and Freedom sa Canada ay simpleng tinatawag

na "Charter". May garantiya ang pundamental na karapatan at kalayaan ng mga taong nakatira sa Canada, gaya ng kalayaan sa pagsasalita, kalayaan ng pagsamba at karapatan mabuhay at personal na kalayaan. (2) Pormal na dokumento ng soberanya o pamahalaan nagbibigay ng karapatan, kapangyarihan at pribilehiyo sa tao, negosyo o sa mamamayan.

Child: chayld - **Batang menor de edad**

Sa Canada ang batang menor de edad ay walang sapat na gulang na mayorya. Ang edad ng mayorya ay nasa determinasyon ng bawat probinsya at teritoryo sa Canada. Sa maraming probinsya, ang edad ng mayorya ay 18 anyos maliban na "may batas para sa bata na may sapat na gulang ng mas maaga."

Child Abduction: chayld ab dak shon - **Abdaksyon ng Bata**

Ang sapilitang abdaksyon o pagtanggap ng bata sa pag-alaga ng magulang o legal na gardiyan. Ito ay labag sa batas at maituturing na gawaing kriminal.

Child Abuse: chayld e byuz' - **Pag-abuso ng Bata**

Ang pag-abuso ng bata ay isang krimen saklaw dito ang maraming kilos kasama ang pisikal, emosyon, maltratong seksual o pagpapabaya sa isang bata.

Child in need of protection: chayld in nid av pre tek shon - **Batang kailangan ng proteksyon**

Hakbang na kinuha para sa proteksyon ng mga bata buhat sa pinsala, itaguyod ang integridad ng pamilya at isiguro ang pinakamabuting kapakanan ng mga bata.

Child Support: chayld se port - **Suporta sa Bata**

Pagbayad ng isang hindi-nag-aalagang magulang bilang kontribusyon sa gastos ng pagpapalaki ng kanyang anak.

Child Support Guidelines: chayld se port gayd layn - **Gabay ng Suporta sa Bata**

Maliwanag na utos ng korte upang gamiting gabay ng suporta sa bata, kasama ang tableta at listahan ng halagang babayaran ng tagapag bayad. Ang halaga ay ayon sa kinikita sa trabaho at ang dami ng anak na susuportahan ng tagapag bayad. Ang bawat probinsya ay mayroon kanilang tableta.

Child Welfare: chayld wel fer

Sa Canada ito ang sistema ng mga sosyedad na tumutulong sa mga bata ayon sa gobyernp ng probinsya o teritoryo, kung minsan kasosyo ng pribadong organisayon, magbigay ng serbisyong dagdag or kahalili ng pag-alaga ng magulang at superbisyon.

Civil Law: se vil lo

(1) Lupon ng batas buhat sa Roman Law, na bangkasin ang pribadong karapatan at remedyo, mamahala ng usapin sa pagitang ng mga indibidwall tungkol sa

kontrata, ari-airan, at batas pampamilya.(2) Batas tungkol sa usapin ng dalawang indibidwal sa mga bagay gaya ng ari-arian,pamilya, empleo.etb. Iba ito sa batas na kriminal o publiko.

Claims: kleyms-Demanda

Usapin paghahabol ng angking karapatan o aksyong hudisyal. Demanda ng kaginhawahan.

Statement of claim: is teyt ment av kleyms

Usapin sa Korte na nagsasabi kung bakit nagdedemanda laban kanino man at kung ano kanilang hinihingi.

Cohabitation: kow ha bit a shon - **Pagsasama**

Ang pagsasama sa isang bahay na parang mag-asawa ng isang ikinasal o hinde ikinasal na mag-asawa.

Cohabitation agreement: kow ha bit shon - **Kasunduan ng Pagsasama**

Pormal na kasunduan ng kapareha na namiling magsama (heteroseksuwal o homoseksuwal) Ang pareha ay ituturing gaya ng parehang ikinasal, gaya ng pagkuha ng mortgage o bayad ng suporta sa bata.

Collaborative family law: ke la be rey tev fa mi lo

Isang legal na paraan na tumulong sa magkaparehang nais maghiwalay o tapusin ang kanilang kasal sa pamamagitan ng kanilang abogado o ibang propesyonal upang makamit ang pag-aayos ayon sa kanilang angkop na kailangan ng bawat isa at mga bata na hindi kailangan pumunta sa Korte.

Commission: ka mi shon - **Komisyon**

(1) Bayad ayon sa porsiyento ng benta gawa ng empleyado o ahente. (2) Awtoridad ng isang tao maki-pagnegosyo sa ibang tao. (2) Pagpataw ng katungkulan buhat sa gobyerno o korte upang gumawa ng aktong opisyal.

Common Law: ka mon lo - **Batas Komon**

Batas ayon sa tradisyon at kaugalian sa desisyon ng hukuman sa bawat kaso.

Competence: kam pi tens - **Kakayahan**

Mental na kapasidad ng indibidwal na unawain at sumali sa paglilitis o transaksyon at kondisyong mental ng persona na magkaroon ng responsibilidad sa kanyang pasiya o akto.

Complainant: kem pley nant -**Ang Nagdedemanda**

Ang taong mayroon legal na isyu o sumbong laban sa ibang tao. Ang biktima ng isang krimen ay maaaring magdemanda laban sa naminsala.

Conference: kan fe rens **Kumperensiya**

Pagpupulong ng mga partido o kanilang mga abogado sa kaso upang maayos

ang usapin.

Case conference: keys kan fe rens

Ang pagpupulong ng hukom, mga partido at kanilang abogado upang kilanlin ang mga isyu na maaring ipagkasundo at mga isyu na hindi magkasundo. Maaring pag-usapan din ang paraan upang malutas ang pinagtatalunan.

Pre-trial conference: pri tra yal kan fe rens

Hindi pormal na pagpupulong bago ang paglilitis ng magkabilang abogado at hukom. Ang pag-uusapan ay mahalagang bagay tungkol sa kaso. Maaring maging simple ang mga isyu, tignan kung maaring maayos ang paglilitis ng hindi na kailangang pumunta sa pormal na paglilitis sa korte, at kung magkakaroon ng paglilitis, ilan ang araw na kailangan upang matapos.

Confession: ken fes shon -**Pag-amin/Pagtapat**

Pag-amin/Pagtatapat ng pagkakasala sa krimen na ginawa sa hukuman.

Consecutive Sentence: ken se kye tiv sen tens -**Sunod-sunod na Sentensiya**

Kung ang isang tao ay naparusahan ng higit pa isang krimeng pagkakasala at isang termino ng pagkakulong, sunod-sunod ang panahon. Ito ay magpapatagal sa kanya sa kulungan.

Concurrent Sentence: en ke rent sen tens-**Magkasabay na Sentensiya**

Kung ang isang tao ay naparusahan ng higit pa sa isang krimeng pagkakasala maaring ang haba ng panahon sa kulungan ay magkasabay. Ang resulta ay mas kaunting panahon sa kulungan.

Consent: ken sent - **Pagsang-ayon**

Pagsang-ayon o permisong gumawa ng isang bagay.

Consent order: ken sent or der - **Konsentong Pag-ayon**

Utos ng korte ang pasiyang inilagda sa kagustuhan ng bawat panig. Katulad rin ng utos ng korte na ipapatupad kung mayroong ayaw sumunod.

Contempt of Court: ken tempt av kort-**Contempt sa Hukuman**

Anumang akto desakato sa dignidad ng hukuman

Contest: kan test - **Salungatin**

Salungatin o ipagdependa sa isang usapin sa paglilitis.

Contract: kan trakt - **Kontrata/Kasunduan**

Kasunduan maglilikha ng obligasyon ipa-iral ng batas. Ang batayan ng kontrata ay pagkakasunduan ng magkabilang panig, konsiderasyon, kapasidad ng partido at legal na kontrata ayon sa batas.

Controlled Act and Substances Act: ken trowl akt end sab tans akt
Ito ay pederal na lehislatura ng Canada na kontrolin ang gamit ng droga at ibang sangkap tulad ng cocaine at marijuana.

Conviction: ken vik shon - **Kondenasyon**

(1) Desisyon o hatol na kaparusahan ng korte. (2) Deklarayson ng hukuman o jury sa pagkakasala ng isang taong inakusahan ng isang krimen.

Corollary Relief: ko rele ri ri lif

Karagdagang hiling para sa suporta ng asawa, suporta ng bata, pag-alaga at pagbisita ng usaping diborsiyo sa Korte.

Costs: kost - **Halaga**

Salaping halaga na inutos ng korteng magbayad sa isang partidong nagsampa o nagdependa ng aksiyon sa korte o bayad sa korte dahil sa hindi pagsunod ng direksyon ng korte.

Counsel: kawnt sel - **Abogado/Tagapayo**

Isang abogadong nagbibigay ng payong legal o bilang representante.

Count: kawnt - **Bilang**

Sa kasong kriminal, bawat bilang ng alegasyon ng ibat-ibang krimen.

Court: kort - **Korte**

Isang institusyon o tribuna mayroong awtoridad na maghusga ng legal na usapin sa pagitan ng mga partido at gawing utos ng hustiya sa sibil, kriminal o administratibo at ibang bagay ayon sa batas ng bansa.

Supreme Court of Canada: se prim kort av Canada

Ito ang katas-taasang hukuman ng Canada at pinal na korteng apela sa sistema ng hustiya sa Canada.

Court of Appeal: kort av epil - **Korte ng mga Apelasyon**

Pinakamataas na lebel ng korte sa bawat probinsya. Dinidinig nito ang apela ng desisyon ng superyor na hukuman ng probinsya.

Superior Court of Justice: se pi ri yor kort av dzas tis

Bawat probinsya at teritoryo ay mayroon korteng superyor mayroong ibang pangalan gaya ng Superior Court of Justice, Supreme Court at Court of Queen's Bench. Ang mga korteng superyor ay mayroon "katutubong hurisdiksiyon" ibig sabihin maari silang magdinig ng mga kaso sa bawat bagay maliban na lamang kung ang bagay ay dapat dinggin sa ibang lebel na korte. Ang korteng superyor ay maaring lumitis ng seriusong kriminal at sibil na kaso, kasama ang diborsiyo at kaso ng malaking halaga ng pera. Sa Alberta, anuman litisin na mayroon halaga o ari-arian higit pa sa \$50,000.00 at maaring lamang dinggin sa Court of

Queen's Bench. Ang korteng ito ay hukuman tagalitis/kriminal, pampamilya o usapang sibil. Maaring marinig ang mga bagay na bangkarote, kabuuang ari-arian at dependent taong may-sapat na gulang. Sa Alberta, nadidinig ang apela buhat sa Provincial Court sa Court of Queen's Bench.

Family Court: fa mi li kort/**Korteng Pampamilya**

Sa ilang probinsya ay pinag-isa ang korteng pamilya na maaring dinggin ang lahat ng batas pampamilya sa isang korte. Sa Alberta, kapwa ang Court of Queen's Bench at Provincial Court ay maaring dinggin ang bagay na batas pampamilya.

Small Claims Court: is mol klems kort

Ang Small Claims Court ay dibisyong sibil ng Provincial Court of Alberta. Maaring magpasiya ng usapin kasama ang pagbayad ng pera o pagbawi ng personal na ari-arian na ang halaga ay hindi hihigit sa \$50,000.00. Ang alintuntunin at kapamaraan ay simple at maaring sundin nila na hindi na kailangan ng abogado.

Creditor: kre de tor -**Kreditor**

Partidong pinagkakautangan ng pera, kalakal o serbisyo ng ibang tao.

Criminal Code of Canada: kri me nal kowd av Canada - **Batas Kriminal ng Canada**

Ang Aktong ito ay nagsasabi ng pagkakasalang kriminal at parusa sa paglabag at pamaraang kriminal sa Canada. Ito ay batas na ginagawa ng Parlamento at umiiral sa buong Canada.

Criminal Law: kri me nal lo -**Batas Kriminal**

Ang katawang batas sa Criminal Code of Code. Isang sangay ng hurisprudensiya tungkol sa mga krimen at mga paglabag sa batas kriminal na kailangan usigin at parusahan ng gobyerno.

Criminal Record: kri me nal re kord -**Rekord Kriminal**

Talaan/Buod ng kondensasyong kriminal ng isang tao.

Cross-Examination: kros eg za me ney shon -**Balik-eksaminasyon**

Ang masusing pagtatanong sa saksi ng kalabang panig.

Crown: krawn

(1) Monarka o gobyerno. (2) Abogado ng gobyernong naglilitis ng kasong kriminal sa ngalan ng gobyerno.

Crown Attorney: krawn e ter ni

Abogado ng gobyerno at nagsampa ng demanda at namamahala ng paglilitis sa korte laban sa isang nasasakdal ng krimen.

Crown Prosecution: krawn pra se kyu tor -**Taga-usig ng Gobyerno**

Ang paglilitis ng abogado ng pamahalaan gaya ng Piskal laban sa isang taong nasasakdal at dalhin siya sa paglilitis.

Custody: kes te di - **Pagkakadakup/Pangangalaga**

(1) Pagpapakulong sa isang tao nang dahil sa kapangyarihan ng batas. (2) Ang pag-alaga sa mga bata at magpasiya ng karapatan at responsibilidad na maaring ibigay ng korte sa isa or kapwa magulang kung sila ay maghihiwalay o diborsiyo.

Joint Custody – dzoynt kes te di - **Magkasamang Pag-alaga ng Bata**

Kung kapwa magulang ang may karapatan magpasiya na mahalaga sa buhay ng bata, ang tawag dito ay magkasamang pag-alaga ng bata. Hindi ibig sabihin na pareho ang panahon na poder sa bawat magulang. Ang unang tirahan ng bata ay maaring nasa isang magulang at magkakaibang tagal ng panahon sa kabilang magulang.

Shared Custody: sherd kes te di - **Magkahati sa Pag-alaga**

Isang situwasyon na ang panahon ng bata ay 40 porsiyento ng oras sa pag-alaga ng magulang at kapwa magulang ay gumaganap sa pasiya/desisyon tungkol sa bata.

Sole Custody – sowl kes te di - **Solong Pag-alaga ng Bata**

Kung isa lamang magulang ang solong nag-aalaga ng bata, ang tawag dito ay sole custody. Nakatira ang bata sa bahay ng isang magulang na mayroon responsibilidad at karapatang magpasiya ng importanteng bagay sa buhay ng bata. gaya ng edukasyon, relihiyon at kapakanan. Mayroon karapatang bumisita sa anak na bata at gumugol ng oras/panahon sa kanya.

Split Custody – is plit kes te di - **Paghahati ng Pag-alaga sa Bata**

Kung ang magulang ay mga mayroong na hindi lamang isa, ang bawat magulang ay maaaring mag-alaga ng isa o mas marami. Sinusubukan ng korteng ihiwalay ang batang anak sa kanyang mga kapatid ng matanda

ang gulang.

D

Damages: da midz -**Bayad-Pinsala**

Halagang hinihingi ng partido o gawad ng korte sa isang aksyong sibil, bayad sa kapinsalaan o pagkawala.

Aggravated Damages: a' gre veyt da midz - **Nagpapalubhang bayad-pinsala**

Danyos na gawad ng korte dahil sa hindi-pangkaraniwang kapisalaang ginawa sa naghabla sa isa aksyon tort (maling sibil).

General Damages: dze ne ral da midz -**Pangkahalatang Bayad-Pinsala**

Danyos na pinsala para sa hindi-perang lugi naganap gaya ng sama ng loob, paghihirap at hindi makagawa ng normal na gawain, etc.

Nominal Damages: na me nal da midz - **Nominal/Hindi tunay**

Nominal o kaunting perang gawad sa isang indibwal sa isang aksiyon hindi malaki ang paghihirap o pagkawala na dapat mabayaran.

Non-Pecuniary damages: nam pe kyu ni ye ri da midz - **Bayad-Pinsala hindi nauukol sa pera**

Pinsala na hindi maaring sukatin ng pera gaya ng bayad para sa sakit ng damdamin at paghihirap.

Pecuniary damages: pe kyu ni ye ri da midz - **Bayad-Pinsala Tungkol sa Pera**

Mga danyos na maaring sukatin nauukol sa pera gaya ng gastos na binayad sa medikal para sa pananakit.

Punitive damages: pyu ne tiv da midz - **Bayad-Pinsala Pagpaparusa**

Danyos higit pa sa ordinaryong bayad-pinsala nagpaparusa dahil benggatibo, malisya at malupit ang taong nagkasala.

Special damages: is pe shal da midz - **Natatanging Bayad-Pinsala**

Danyos sa pagkawala ng pangkabuhayan gaya ng pagkawala ng sahod/kita, danyos sa ari-arian at gastos na medikal.

De Novo (Hearing): De-no-bo

"Bago" Panibagong paglilitis ng hukuman sa isyu ng kaso na para bang hindi ito nadinig at napasiyan nuong nakaraan.

Debtor: De-tor

Ang taong may-utang na salapi o ibang mahalagang bagay sa ibang tao.

Declaration: De kle-rey shon **Deklarasyon**

Parte ng pasiya, dekrito, o utos na naghahayag ng karapatan o obligasyon ng mga partido sa paglilitis o opinyon ng korte ng tanong sa batas.

Defence: Di-fens -**Depensa**

Sagot na pagtangi sa sakdal na kriminal o sibil na pananagutan.

Defense Counsel: De-fens kawn sell

Abogadong nagtatangol para sa isang tao sa paglilitis.

Defendant: di fen-dant **Nasasakdal**

Ang taong inihabla o idinemanda sa aksyong sibil o akusado sa kasong kriminal.

Dependent: di pen dent

Ang taong umaasa ng suporta buhat sa iba, gaya ng suporta ng anak buhat sa magulang, o maysakit na magulang may suporta sa may-edad na mga anak.

Deponent: De-pow-nent

Ang sinumang gumawa ng disposisyon o sinumpaang salaysay. Taong gumawa ng apidabit.

Deposition: di po zi shon - **Deposisyon**

Pahayag na sinumpaang katotohanan o patunay o affidavit.

Direct Evidence: Di-rekt e vi dens

Ebidensiya (bagay na pangyayari ginamit upang patunayan o hindi patunayan ang isyu sa kaso) -sa porma ng testimoniya ng saksi na aktuwal na nakita, nadinig o hinipo ang bagay na tinatanong.

Direct Examination: Di-rekt eg za me ney shon-

Tuwirang pagtatanong sa saksi ng partido tumawag sa kanya, sa paglilitis.

Discharge: Dis-chardz

Ma-absuwelto sa obligasyon legal. Sa batas kriminal, ibig sabihin, walang kriminal rekord ang nagkasala, at bibigyan ng kapalit ng sentensiya kaysa sa pagkulong

Absolute discharge: ab se lut dis-chardz

Ibig sabihin na kahit napatunayang nagkasala ang akusado, wala itong

kondenasyon. At saka, pagkatapos ng isang taon, walang impormasyon tungkol sa kanyang kriminal rekord ay ibibigay.

Conditional Discharge: ken dis she nall -dis-chardz

Ibig sabihin na kung ang akusado ay tutupad sa partikular na kondisyon pinataw ng korte, walang kondenasyon ang ipapasok sa kanya at walang impormasyon ang ipapabatid tungkol sa kanyang pagkakasala pagkatapos ng 3 taon buhat sa araw ng kanyang discharge order.

Disclosure: dis klow zhur

Ang paglahad ng dokumento at iba pang impormasyon ng magkabilang panig sa paglilitis sa korte.

Discovery: Dis ko ve ri

Obligasyon sa katalong partido sa sibil na paglilitis na ibunyag ang impormasyon na esenyal/mahalaga para sa paghahanda ng himihiling na partido sa kasa at tanging ang kabilang panig lamang ang nakakalam o may-posesyon.

Dismissal: dis mi sal

Ang pasiya ng huwes na pinawalang saysay ang aksyon, demanda o sakdal na kriminal.

Disposition: dis pe zi shon

Ang pinal na determinasyon ng korte sa sibil na paglilitis o sakdal na kriminal.

Diversión: di ver zhon - **Dibersyon**

Ito ang paglipat ng kaso buhat sa pormal na sistema ng hustiya sa hindi pormal na proseso kung ang mga kundisyon ay nakamit. Ang Krawn prosekutor ang maaaring maglipat bago-ipasa ang sakdal or pagkatapos ipasa ang sakdal. Ang programang dibersyon ay isang alternatibo sa prosekusyon, na kung saan ang akusado ay gumagawa ng isang gawaing labas sa korte (katulad ng pagseserbisyo sa komunidad) upang manatili ang hatol o iurong ng krawn.

Division of Property: Di vi zhon av pra per ti- **Dibisyong ng Ari-Arian.**

Sa kasong pampamilya, ito ang dibisyon ng pag-aari at pinansyal na pananagutan sa separasyon, diborsiyo o kamatayan.

Divorce: di vors - **Diborsiyo**

Ito ang legal na terminasyon o katapusan ng kasal sa isang korte ayon sa batas ng kanilang bansa.

Docket: Da-ket -**Daket**

(1) Opisyal na listahan ng kaso sa korte na didinggin sa isang partikular na kuarto sa araw na iyon. (2) Ang rekord ng oras ng katagalang inukol sa kaso ng kliyente.

Domestic Violence: De-mes-tik va yo-lens

Pantahanang karahasan gaya ng abuso, bayolente, pagpilit, pag puwersa, at bantang kilos o salita ng sinumang miyembro ng pamilya sa mga tao sa bahay. Anumang karahasan sa malapit na pareha ay tinatawag na domestic violence.

Duress: Du-res

Ito ang pagpilit sa pamamagitan ng pag babanta na gawin ng isang tao o pigilan sa paggawa ng isang akto.

Duty Counsel: Du-ti kawn sil

Ito ang abogado binabayaran ng gobyerno, magbigay ng limitadong serbisyong legal, kalimitang sa kriminal o pampamilya bagay sa batas sa mga taong pumunta sa korte ng walang representante.

E

Endorse: en dors -**Endorso**

(1) Pagpirma ng isang dokumentong legal. (2) Pagpirma ng dokumento ng nagbibigay pahintulot sa legal na pagsalin ng negosyableng dokumento buhat sa isang tao para sa ibang tao. (3) Pagsang-yon sa isang bagay.(4)Kalakip na dokumento nagbabago o nagdagdag dio.

Enforcement: en fors ment **Pagtutupad**

Ang aktong pagpili sa pagsunod ng batas, patarakan o utos ng korte.

Equalization Payment: ik wali sa yon pey ment

Ang prosesong sinusunod sa paghahati ng ari-arian ang mag-asawa. Ito ang salaping binayad ng isang esposo sa kabila upang silang dalawa ay pantay ng kanilang netong pag-aari naipon sa tagal ng kanilang kasal.

Estate: es teyt

Kabuuang ari-arian ng personang may utang o mayroong interes na legal dito. Kalimitang tinatawag sa kabuuan ari-arian ng namatay na tao.

Evidence: e vi dens **Ebidensiya**

Impormasyon, pahayag o ibang bagay binigay sa paglilitis sa husgado, gaya ng paglilitis upang patunayan o pabulaanan ang isang pangyayari.

Direct Evidence: di rekt e vi dens

Tuwirang ebidensiya ng pangyayari. Ebidensiya sa porma ng testimonyo ng saksi na aktuwal na nakakita, nakadinig o hinipo ang paksa ng pagtatanong.

Expert Evidence: eks pert e vi dens

Testimonya ng isang eksperto sa isang larangan na propesyonal, sa

agham o teknikal na paksa.

Hearsay evidence: hir sey e vi dens

Sabi-Sabi na ebidensiya na hindi alam ngunit kung ano ang kanilang narinig sa iba. Ang pangkaraniwang patakaran, ang sabi-sabing ebidensiya ay hindi puwedeng tanggaping ebidensiya.

Ex Parte: eks par te

Terminong Latin na ang ibig sabihin ay isang panig lamang. Tinutukoy ito sa paglilitis ang isang panig ay hindi binigyan ng notisya o binigyan ng notisya ngunit hindi dumalo.

Examination: ek sa me na syon

Ang pormal na pagtatanong na saksi sa isang paglilitis.

Exclusive Possession of the Matrimonial Home: eks klu siv po ses yon ng bahay ma tre mow nial

Utos ng korte na bigyan ang isang esposo na tumira sa bahay ng matrimonya ng eksklusibo sa kabilang esposo kung mayroong pag-alala sa kaligtasan.

Execution:

ek si kyu shon-- Isang proseso sa pagtupad ng utos ng korte.

Exhibit: ek si bit

Isang dokumento o bagay na ipinapakita sa Korte.

Expert: eks pert

Isang ekspertong indibidwal na mayroong espesyal na karunungan at kasanayan tungkol sa isang paksa at pinayagan ng korte na sabihin ang kanyang opinyon sa paksa o ebidensiya upang tumulong sa huwes.

Extraordinary Expenses: eks tra de ne ri eks pens

Terminong ginagamit tungkol sa suporta ng anak sa batas pampamilya. Ito ang ekstra ordinaryong gastos sa pag-alaga at suporta ng anak.

F

Factum: fak tum

Ang nakasulat na sumaryo ng posisyon ng litigante sa paglilitis sa hukuman sinasabi ang may katuturang bagay, batas at maikling argumento.

Family Court: fa mi li kort

Ang sangay ng korte umaksyon lamang sa bagay ng batas pampamilya. Sa Alberta, kapwa ang Provincial Court at Court of Queen's Bench ay mayroon Family Division.

Family Law: fa mi li lo-Batas ng Pamilya

Grupo ng Canadian Law tungkol sa bagay pampamilya gaya ng kasal, separasyon at diborsiyo, pag-alaga sa bata, pagdalaw, pag-uusap, suporta sa anak at asawa, paghahati ng ari-arian ng matrimonio.

Family Law Act: fa mi li lo akt

Ang Family Law Act ng Alberta ay batas ng probinsya tungkol sa batas ng bagay pampamilya gaya ng taga-alaga, kontak, paternidad, suporta ng batang anak, paghihiwalay at iba pa. Hindi umaksyon sa kasal, diborsiyo, suporta sa esposo, paghahati ng ari-arian na matrimonio o pag-alaga sa bata, pagdalaw at suporta sa anak ng kasalan. Ang mga bagay na ito ay saklaw ng Divorce Act na lehislasyong pederal.

Fees: fis

Bayad para sa serbisyo. Kasama nito ang bayad sa korte na kailangang bayaran sa paglilitis.

Fiduciary: fi du shi ye ri

Isang tao na may tungkilin mamahala ng ari-arian ng iba (tinatawag na beneficiary) ayon sa tiwala sa mabuting kalooban at katapatan na kailangan.

Final Order: fay nal or der

Pinal na utos o pasiya tumatapos sa kaso.

Financial Statement: fi nan si shal is teyt ment

Pormal na rekord ng kita, gastos, ari-arian at utang at kapanagutan ng tao, negosyo o ibang katauhan.

Fine: fayn

Mulang salapi na ipinataw sa indibidwal na may kondensasyon na krimen o mas maliit na pagkakamali.

G**Garnishee: gar ni shi**

Ikatlong partido gaya ng bangko o employer na ang kanyang pinanghahawakan ari-arian o salapi ay dapat ibigay sa korte upang mabayaran ang mga kreditor ng taong may-utang.

Garnishment: gar nish ment

Legal na proseso ng pagkakautang na mayroong utos ng korte na hilingin sa isang ikatlong partido, gaya bangko o employer na ibayad sa kanya ang pero o ari-ariang hawak nila.

Guardian/Guardian ad litem: gar diyan-gar diyan ad li tem

Taong binigyan ng batas ng kapangyarihan at tungkulin ng pag-alaga ng isang tao at pangangasiwa sa kanyang pag-aari o karapatan dahil wala siyang kakayahan pangasiwaan ang sariling kapakanan

Guilty: gil ti

Ang estado na napatunayan ng korte na may responsibilidad ang akusadong gumawa ng pagkakamaling krimen o ang pag-amin ng aksusado sa sakdal at sinabing "May-sala."

H

Hearing: hi ring - **Pagdinig**

Paraan ng paglilitis sa korte o ibang nagbibigay-pasya o opisyal, gaya ng ahensiya ng gobyerno.

Hearsay evidence: hir sey - e vi dens

Sabi-sabi na ebidensiya na hindi alam kung ano kanilang narinig sa iba. Ang pangkaraniwang patakaran ay ang sabi-sabi na ebidensiya ay hindi puwedeng tanggapin bilang ebidensiya sa korte.

Holograph Will: ha le graf wil

Huling habilin na nasa sulat kamay, may petsa at pinirmahan ng gumawa ng Will (atestador). Ang ang holograph Will ay maybisa sa Alberta ngunit walang-bisa sa maraming probinsya ng Canada.

Homicide: ha me sayd

Pagpatay ng tao. Kasama dito ang sakdal na first-degree murder, second-degree murder, infanticide (pagpatay ng sanggol) at man slaughter (pagpatay ng tao na hindi sinadya o tinangka). Ito ay malubhang pagkakasalang kriminal.

Hybrid offence: hay brid o fens

Paratang na kriminal na mayroon opsiyon ang prosekusyon na sundin ang tinatawag na summary conviction offense sa paraan na madalian at walang pagkaka-antala tungkol sa ordinaryong pagdinig o indictment. Ang summary conviction procedure ay ayon sa summary conviction offense at ang indictment nito ay ayon sa tinatawag na indictable offense.

I

Illegal: i li gal

Labag sa batas.

Imprisonment: im pri son ment

Pagkakulong o pagkakabilanggo.

Imputed income: im pyut in kam

Sa bagay ng batas pampamilya, kung ang korte ay may opinyon na ang isang partido ay hindi tunay at tamang kita upang malaman ang halaga ng suporta sa anak, maaring ipatukoy ang ganoong kita sa na mas mataas pa sa aktuwal na kinikita. Ito ay ginagawa upang mapigil ang intensyon na bawasan ang kinikita o kusang nananatiling walang trabaho o liitan ang kinikita upang makaiwas sa pagbayad ng suporta sa bata.

In Camera: in ka me ra

Isang pagsasalitang Latin. Ang Ibig sabihin ay "nasa silid/kuarto". Legal na termino na kahulugan ay palihim. Karaniwan ang paglilitis sa korte ay bukas sa publiko. Ang paglilitis na "in camera" ay kung pagbawalan ang publiko o mamahayag sa korte upang alagaan ang pribasya ng litigante.

Incarceration: in kar se reyt shon

Pagkulong sa bilangguan; pagkabillango

Indictable Offence: in dayt tabol o fens

Mas malubhang pagkakasalng kriminal na nagdadala ng mas marahas na parusa gaya ng mas matagal na panahon sa kulungan o mas mataas na multa.

Indictment - in deyt ment - **Sakdal/Demanda**

Ang sakdal ay nakasulat na sakdal laban sa akusadong gumawa ng krimen na tinatawag na indictable offense. Ang uri ng sakdal na ito ay karaniwang linilitis sa mataas na hukuman (Court of Queen's Bench of in Alberta).

Information: in fer mey shon - **Impormasyon**

Akusasyon laban sa isang akusado ng isang krimen, sinumpaang isang opisyal na pang kapayapaan o pulisya. Ginagamit ito sa Provincial Court upang umpisahan ang paglilitis sa akusado.

Injunction: in dzangk shon

Isang utos na nagbabawal sa pagganap ng isang bagay na ayon sa hukom ay dapat o hindi dapat isagawa habang hindi pa natatapos ang pagdinig sa usapin.

Inquest: in kwest - **Pagsisiyasat**

Pagsisiyasat ng Coroner o medical examiner sa dahilan ng bayolenteng kamatayan o kamatayan nangyari sa nakakapag dudang sirkumstansiya.

Insolvency: in sal ven si - **Insulbensiya**

Hindi makapagbayad-utang sa panahon ng pagbayad.

Interest Rate: in trest reyt

Ang porsiyento ng utang na dapat bayaran ng nanghiram sa paggamit ng pera ng nagpahiram.

Interim or interlocutory order: in te rim o in ter lo ko ri or der
Pansamantalang utos ng hukuman na may limitadong taning, kalimitang hanggang walang huling pasiya pagkatapos madinig ang buong kaso at magbigay ng huling pasiya/ pinal na order.

Intestate: in tes teyt - **Intestado**
Taong namatay ng walang balidong testamento.

J

Joint Custody: `dzoynt kas te di - **Magkasamang Pag-alaga ng Bata**
Kung kapwa magulang ang may karapatan magpasiya ng mahalaga sa buhay ng bata, ang tawa dito ay Joint Custody. Hindi ibig sabihin na pareho ang panahon sa poder sa bawat magulang. Ang unang tirahan ng bata ay maaring nasa isang magulang at ang ibang tagal ng panahon ay sa kabilang magulang.

Joint Liability: dzoynt la ye bi le ti
Kung mayroong dalawa o maraming tao namay pananagutan. Magkasama sa utang pero kanya-kanya ang obligasyon ng magbayad.

Judge: dzadz - **Hukom**
Isang opisyal na publiko mayroong edukasyon at pagsasanay sa batas at namamahala sa isang hukuman na magpasiya sa bagay na legal.

Judgment: dzadz ment
